



Sa Yokkaichi, simula sa July 19 (Mon), padadalhan ng New Corona vaccine coupon ang mga batang may edad na 12~24 taong gulang. (Ang mga 12 taong gulang ay padadalhan sa susunod na buwan ng kanilang kaarawan.) Kapag natanggap niyo na ang Vaccine Coupon, basahing mabuti ang nakalakup na instruction at magdesisyon kung pababakunahan ba ang bata o hindi. ※Ang pagbabakuna ay hindi sapilitan.

Sa ngayon, sabay-sabay na ipaalam ang impormasyon na may kinalaman sa New Corona vaccine para sa elementary at Jr. High School. Hinda pa naka-schedule para sa group vaccination sa paaralan.

Vaccine laban sa New Corona Virus Infection

Q 1 . Umaga ng regular na araw lamang nakapagpa-reserve. Magiging absent ba siya sa school?

A. Kapag ang mag-aaral ay magpapabakuna sa pagamutan, ito ay ituturing lamang na 「Suspension of attendance」 at hindi 「Absence o pagliban sa klase」.

Q 2 . Nagkaroon ng mild fever pagkatapos magpabakuna laban sa New Corona virus. Mas makabubuti bang huwag munang papasukin sa paaralan?

A. Side effect man o hindi, huwag papasukin ang bata sa paaralan at obserbahan lamang sa bahay kapag nagkaroon ng mild fever o anumang sintomas ng common cold o kaze. Ito ay ituturing na suspension of attendance at hindi pagliban sa klase. Kapag nagkaroon ng ibang sintomas maliban dito, ipaalam sa pagamutang nagbakuna at sundin ang kanilang ipapayo.

Q 3 . Kailangan ba talagang magpabakuna ng New Corona vaccine?

A. Ang pagpapabakuna ay hindi sapilitan. May mga taong ayaw magpabakuna dahil sa pisikal na kondisyon o iba't iba pang dahilan. Kailangang maunawaan muna ang parehong risk ng epekto at side effect ng paglaban sa impeksiyon at kailangan ang pahintulot ng magulang bago magpabakuna, hindi pagbabawalang pumasok o makibahagi sa mga aktibidad sa paaralan ang bata, nagpa-bakuna man ito o hindi.

【※Reference 1】

Mga pananaw na may kinalaman sa New Corona vaccine para sa mga batang mag-aaral.

公益社団法人 日本小児科学会予防接種感染症対策委員会

○ New Corona vaccine～Opinyon tungkol sa bakuna sa Bata at nakatatandang nakakasalamuha ng bata

URL : http://www.jpeds.or.jp/uploads/files/20210616_corona.pdf



公益社団法人 日本小児科医会

○Rekomendasyon tungkol sa New Corona vaccine para sa batang nasa 12 taong gulang pataas

URL : https://www.jpa-web.org/dcms_media/other/Recommendation.21-06-16.pdf



【※Reference 2】 Impormasyon na may kinalaman sa New Corona virus infecti

四日市市HP

URL : <https://www.city.yokkaichi.lg.jp/www/index.html>



[Maaring tawagan tungkol sa New Corona vaccine : Hakbang laban sa New Corona virus infection 059-327-5990]

【3 Bagay para makaiwas sa impeksiyon】 Mula sa Ministry of Educ. 「Hygiene Management Manual Ver. 6」

(1) Putulin ang pinagmumulan ng impeksiyon.	Huwag ipasok mula sa labas ang virus!	◇Kung magkaroon ng sintomas tulad ng lagnat, huwag piliting pumasok, magpahinga sa bahay	Lumayo sa iba kung tatangalin ang mask para makaiwas sa heat stroke.
(2) Putulin ang daloy ng impeksiyon	Huwag ipasa sa ibang tao ang virus!	◇Iwasan ang droplet infection・・・Mask, Ventilation ◇Iwasan ang contact infection・・・Maghugas ng kamay; Huwag hawakan ang mata, ilong at bibig	
(3) Palakasin ang resistensiya	Huwag magpatalo sa virus!	◇Sapat na tulog ◇Tamang ehersisyo ◇Balanseng nutrisyon	

Madalas na binibigyang pansin ang (1) at (2) ngunit ang (3) ay mahalaga rin! Magkaroon ng tamang ritmo ng pamumuhay sa Summer vacation !



Ipagpatuloy ang health monitoring sa Summer vacation.

Kapag sumama ang pakiramdam dahil sa lagnat at iba pang sintomas, huwag pumasok sa club activity at iwasang lumabas ng bahay.



★Ipaalam sa paaralan kapag ang bata o kasama nito sa bahay ay kukuha ng Covid-19 PCR test!

★Huwag palabasin ang bata sa bahay hanggang hindi nalalaman ang resulta!

Maaaring kontakin sa Summer vacation:

Mon~Fri Sa paaralan Elem. School 9:00~17:00 Junior HS. 9:00~17:00	Sat·Sun·Holiday Exclusive phone 9:00~17:00 090-7916-0861 / 080-2642-0967
8/10(Tue)~8/16(Mon)【Sarado ang paaralan】 Mon~Fri Sa Board of Education 9:00~17:00 059-354-8251 / 059-354-8252	

※ Maaari ring tingnan ang Yokkaichi City Homepage

『よっかいちしがっこうかんせんしょうだより四日市市学校感染症だより』

四日市 感染症だより

検索  CLICK!